Katipunan ng mga Lungsod: Ang Anyo at Gawi ng Metropolis sa Daigdig ng Filipino

José Edgardo A. Gomez, Jr.

Introduksiyon

Ang salitang *metropolis* ay hango sa Griyegong *mater-polis,* o "inang-lungsod," na tumutukoy sa kabuuan ng espasyong urban na higit ang laki sa mga karaniwang siyudad at tinitirahan ng maraming tao. Dahil wala pang legál na depinisyón ang metropolis sa ating saligang batas o sa mga batas-lokal, kailangan pang bigyan ng angkop na kahulugan ang ganitong uri ng penomenong urban, bukod sa maluwag na pagbansag ng midya sa anumang malawak na kalungsuran bilang "metropolis." Sa isang panig, puwedeng ikahon na lang natin ang isyu sa usapang ermenyutiko sapagkat ano nga ba ang isang metropolis kundi isang malaking lungsod lamang? O ang lungsod, isang dambuhalang barangay? Ngunit humihingi ng pangalan ang lahat ng bagong karanasan ng tao, lalo na ang karanasan ng pamumuhay at pamamahala sa loób nitong kakaibang lugar, na siyang nabubuo dahil sa likas na pagdami ng mga tao sa Filipinas (nasa 90 milyon na ang tantiya batay sa NSO[1]), dahil sa transportasyon na nagpapadali ng paglilipat ng tao at kanilang tahanan o trabaho, at dahil sa pagtangkilik sa pamumuhay sa lungsod, na nasasaksihan sa midya—bukod sa ibang sanhi. Layon ng dokumentong ito na isalaysay at suriin batay sa karanasan ng Filipinas sa pagbuo ng metrópolis. Susuriin ang "pagbuo" na ito sa pamamagitan ng pagtingin sa (1) mga ahente o grupo na nagtutulak upang magkaroon ng isang takdang-lugar na iba sa munisipyo, lungsod, o probinsiya, (2) sa proseso ng pagiging ganap o lehitimo nitong poók alinsunod sa pananaw ng batas, sa kabila ng pagtanggap dito ng mga nasasakop nito o ng mga tagaplano nito, at (3) pagkakaroon ng elemento na bumibigkis sa kabuuan ng metropolis, tulad ng isang industriya, problema sa kaligiran, o suliraning urban na nangangailangan ng pagtutulungan ng dating magkakahiwalay na pamayanan. Gagamitin ang Metro Manila bilang lunsarang halimbawa upang masulyapan ang mga aspekto at proseso na katangi-tangi sa paglikha ng mga katulad na poók sa ibang rehiyon ng Filipinas. Upang mapahalagahan ang pag-usbong ng mga kalungsuran ng Filipinas sa loób ng kaunlarang panrehiyon ng Asya, babanggitin bilang pambungad ang literatura hinggil sa pagsasaganap ng mga kahawig na lugar sa mga karatig-bansa. Ang mga obserbasyon at pagsusuri dito ay puwedeng maging batayan ng paggabay sa pamahalaan ng metropolis at sa pinakaangkop na hugis at direksiyon ng paglaki na siyang nababasa ng mga naninirahan dito (Lynch 1995, 67-68).